WEEK 2

# Mabagal, Katamtaman at Mabilis na Tempo

Aralin

I

Maipahahayag natin ang musika sa maraming pamamaraan. May mga awit at tugtugin na mabagal, katamtaman at mabilis. Ang pagkakaroon ng bagal at bilis sa musika ang dahilan kung bakit ito nagiging kawili–wili at nakapagbibigay ligaya sa nakikinig.

**Pagsasanay 1:** Kilalanin ang tempo ng mga awit sa ibaba. Maaari mo itong pakinggan sa radio, telebisyon at iba pang maaring mapagkunan nito. Isulat ang **F** kung mabilis, **S** kung mabagal at **M** para sa katamtaman

1. Bayan Ko
2. Ikaw ang Mahal Ko
3. Tinikling
4. Ako ay Pilipino
5. Sa Ugoy ng Duyan

LIVEWORKSHEETS

# Pagsasanay 2:

Punan ng tamang salita ang pangungusap. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot. Isulat sa sagutang iyong papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| tempo | mabagal | katamtaman | mabilis |

Ang ________________ ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng ibat ibang kilos o galaw. Maari itong __________, __________ at __________.

LIVEWORKSHEETS